


Para sa lahat ng mga papasok sa mataas na paaralan



1. Mamuhay ng may tiwala sa sarili

May ilang kaguluhan na mararanasan sa dahilang hindi ka marunong mag-Hapon o dahil galing ka sa ibang bansa. Pero kinakailangang magtiwala ka sa iyong sarili habang ikaw ay nasa high school.

Nangangailangan ang lipunan ng bansang Hapon ng mga taong marunong ng salitang Hapon at ng iba pang mga lengguwahe.

2. Suporta para sa mga estudyante sa high school na mula sa ibang bansa at ilang pagtitipon

* May mga susuportang tao sa iyo tungkol sa iyong pag-aaral na maaaring sumama sa loob ng silid-aralan (Japanese Education School Support Task).

* Mayroong ilang pakikipag-ugnayan para sa mga estudyante na galing sa ibang bansa.

Mayo: “Ugnayan para sa mga high school student (maligayang pagsalubong sa mga bagong pasok)”. Ugnayan ito para sa mga mag-aaral na ang mga ninuno ay taga ibang bansa. Mag-iipon ipon at magsasama-sama ang humigit kumulang sa mga 200 estudyante at may mga palaro, pag-uusap at may mga kasiyahan.

Hulyo: “WaiWai! Talk Part1”. Pagpapahayag ng sariling opinyon sa gamit ng sariling inang wika (2nd year pataas)

Oktubre: “Hanmadan”. Ugnayan ng mga high school student na may mga ninuno sa Korean Peninsula at ang mga mayroong pagkamamamayan ng bansang Hapon.

Oktubre: “One World”. Habang nag-aaral sa mataas na paaralan ay magkakaroon ng ugnayan at pagkakataong makilala ang mga katulad mong mag-aaral sa iba’t-ibang mataas na paaralan na mayroong root sa iba’t ibang bansa.

Nobyembre: “Chugoku no Tsudoi”. Pag-uugnayan ng mga mayroong ninuno sa bansang Tsina.

Enero: “WaiWai! Talk Part2!”. Pagpapahayag ng sariling opinyon sa gamit ng sariling inang wika (1st year)

Pebrero: “Shunsetsu no kai (pagdiriwang ng Chinese New Year)”. Ugnayan ng mga balikbayan galing sa Tsina at ng mga nanggaling mula sa bansang Tsina. Ugnayan ng mga mag-aaral na may mga ninuno sa bansang Tsina.

3. Mga importanteng bagay sa high school

(1) Importante ang aralin.

- Makinig ng maigi sa guro.
- May ilang panahon na kinakailangang ipasa ang homework at notebook.

Importanteng ipasa ang mga ito. Ang mga ito ay mayroong puntos.

- Sa paaralan ng Hapon mayroong ilang events gaya ng Sports Day, Culture Day at Excursion. Ang lahat ng events ay kaparehas ng aralin. Hindi maaaring mag-absent.

(2) Sumunod sa oras.

- Hindi maaaring ma-late sa pagpasok.
- Kinakailangang ipaalam sa paaralan kung mag-aabsent o mahuhuli sa pagpasok. Pag-usapan ninyo ng iyong guro kung paano ipaalam.



(3) Sundin ang mga patakaran.

May mga patakaran sa paaralan na kailangang sundin. Itanong ng maigi kung ano ang mga dapat sundin sa iyong paaralan. May ilang paaralan na ipinagbabawal ang hikaw at pagkukulay ng buhok kung kaya't kinakailangang mag-ingat. Kung sunod-sunod ang paglabag sa patakaran, maaaring masuspindi. Ang suspindi ay ang di maaaring pagpasok sa ilang panahon gaya ng isang linggo. Kahit ano pang dahilan, kapag ikaw ay nakipag-away, maaaring ikaw ay ma-suspindi.

(4) Makipag-kaibigan.

Huwag matakot makipag-usap kahit na alam mong hindi kayo nag-kakaintindihan. Mag-tanong kung mayroong bagay na hindi naiintindihan.



4. Marka sa high school

(1) Pag-mamarka sa high school

- Sa isang taon may 4-5 iksamenasyon at dito ang pagbabasehan ng inyong mga marka.
- Maliban sa resulta ng iksamen, kasama rin ang puntos na maganda sa ugali sa klase (bawal matulog at mag-usap) at manggagaling sa homework at notebook. Kinakailangang ipasa ang mga ito.
- May relasyon din ang pagpasok sa klase kaya't kung maaari huwang mag-absent.

(2) Pag-pasa

Sa high school, kung ang iyong marka ay mababa, maaaring hindi ka pumasa (hindi ka makatutuntong sa second year). Maaaring pag basehan din ang dami ng araw ng hindi mo pagpasok, upang ikaw ay hindi makapasa. Ikaw ay babagsak at kinakailangang ulitin ang taon.

5. Maaaring gawin pagkatapos ng high school

(1) Kinakailangang tapusin ang high school. Maaari kang mahirapang kumuha ng trabaho kapag hindi ka nakatapos ng high school sa bansang Hapon. Maraming mararanasan na hirap kung hindi ka makatapos ng high school.

(2) Pag-aaral sa kolehiyo

- Mayroong university na government subsidized o local government subsidized (tinatawag na national o public university) at private university. Mayroong kolehiyo na mahirap pumasok.
- Mayroong entrance test at maraming paraan para makapasok. Mayroong ilang kolehiyo na mayroong espesyal na pamamaraan para sa mga estudyante na nanggaling sa Tsina (may mga pamilyang Hapon na naiwan sa Tsina). Mayroon ding espesyal na paraan para sa mga estudyante na nanggaling sa ibang bansa. Humingi ng payo sa iyong guro tungkol sa pagpasok sa kolehiyo na nararapat sa iyo.
- Kakailanganing pera sa pagpasok at matrikula. Sa unang taon kinakailangan ng mahigit sa 1,000,000 yen sa private university. Mayroong scholarship at educational loan na ibinibigay ngunit kinakailangang maghanda ng maaga.

(3) Pagtrabaho

Kung binabalak na magtrabaho pagkatapos ng high school, may ipapakilala na kumpanya ang inyong paaralan sa high school. Gayunpaman sa pagpapakilala ng trabaho, mauuna ang mga estudyanteng may mga matataas ang marka at kaunti ang araw ng pag-absent sa eskwela.